OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: [signature]
Date: 9-29-23 Time: 10:20

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-152

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN AT LUMAGDA SA ISANG *MEMORANDUM OF AGREEMENT* (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN AT DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT NA NAUUKOL SA LIVELIHOOD PROJECT NA MAY PAMAGAT NA LIVELIHOOD BIGASAN CENTER."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Marie Niña Nikkie Perez, MA**
*Tagapangulo*
**Lupon sa Paggawa at Hanapbuhay**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na mabigyang pahintulot na katawanin at lumagda sa isang Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Department of Labor and Employment;

**SAPAGKA'T,** ang kasunduang ito ay ukol sa Livelihood Project na may pamagat na *Livelihood Bigasan Center* dito sa munisipalidad ng Bustos;

**SAPAGKA'T,** ang kasunduang ito ay magbibigay ng karagdagang pondo na ₱500,000.00, technical assistance at iba pang tulong sa Pamahalaang Bayan upang maisakatuparan ang *Livelihood Bigasan Center*;

**SAPAGKA'T,** sa pampublikong pagdinig na idinaos noong ika-13 ng Setyembre, tiniyak ng kinatawan mula sa Public Employment Service Office at Local Finance Committee na ang Memorandum of Agreement ay alinsunod sa panuntunan ng Department of Labor and Employment at Commission on Audit;

**SAPAGAKA'T,** ang nasabing tindahan ay pansamantalang ilalagay sa Bustos Public Market;

**SAPAGKA'T,** sa ginawang pag-aaral ng Lupon sa Paggawa at Hanapbuhay ang nasabing kasunduan ay labis na makakatulong sa mga

mamamayang Bustosenyo na higit na nangangailangan upang magkaroon ng isang maliit na hanapbuhay.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. MARIE NIÑA NIKKIE PEREZ, MA** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pahintulot ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin ang pamahalaang bayan at lumagda sa isang Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan at Department of Labor and Employment na nauukol sa Livelihood Project na may pamagat na Livelihood Bigasan Center.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-25 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Marie Niña Nikkie Perez, MA**<br>Kasangguni | **Leo T. Santos**<br>Kasangguni |
| **Phillip Wryner B. Santos**<br>Kasangguni | **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni |
| **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni | **Soliman C. Santos**<br>Kasangguni |
| **Wilfredo G. Canoza**<br>Kasangguni | **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni |
| **Virgilio S. Paglinawan**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-25 ng Setyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim